


5

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
Pagmamahal sa Kapwa



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pagmamahal sa Kapwa
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul		
Manunulat:	Maria Fe P. Alas	Jeremiah G. Miralles
Editor:	David C. Alcober	Juliet Lugas Lim
Tagasuri:	Josefina E. Tanciongco	Colin Dy Tupaz
Tagaguhit:	Crisanto L. Lopera	Lemuel Valle Jr.
	Jingerlou D. Inot	
Tagalapat:	Gualberto Gualberto Jr.	
Tagapamahala:	Ramir B. Uytico	Rosemarie M. Guino
	Joy B. Bihag	Ryan R. Tiu
	Amenia C. Aspa	Mariza S. Magan
	Mark Chester Anthony G. Tamayo	Gretel Laura M. Cadiong
	Ranulfo L. Baaya	Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 - 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
Pagmamahal sa Kapwa**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Isa sa mga mahahalagang turo mula pa noong tayo ay mga bata ay “Mahalin mo ang iyong kapwa gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili”. Sa papaanong paraan nga ba natin maipapakita ang pagmamahal sa ating kapwa? Ang mga tao ay may iba’t ibang pananampalataya at paniniwala ngunit iisa lamang ang katuturan ng lahat ng ito, “mahalin ang kapwa”.

Ang mabuting pakikipagkapwa ay isang ugaling makikita sa mga Pilipino. Ito ang kaugaliang ating nakita, naramdaman, at naipamahagi mula noon hanggang ngayon.

Ang pagmamahal sa kapwa ay naipapamalas sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan, pagtulong sa mga nangangailangan, pagtulong sa mga nasalanta ng kalamidad, at pagpapakita ng paggalang sa lahat ng tao.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

1. Nakapagpapakita nang tunay na pagmamahal sa kapwa tulad ng:
 - a. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng kapwa at sa kinabibilangang pamayanan
 - b. pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng lahat
 - c. pagkalinga at pagtulong sa kapwa



Subukin

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga gawaing ito ang nakatutulong sa kapwa?
 - A. Pagbibigay ng mga pinaglumaang damit para sa mga nasalanta ng bagyo.
 - B. Pagkakaroon ng magarang piging.
 - C. Pagpapatayo ng *subdivision* para sa mga mayayaman.
 - D. Lahat ng nabanggit.
2. Piliin sa sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.
 - A. Pakikipag-away sa mag-aaral sa ibang seksyon.
 - B. Pagdarasal ng sabay-sabay sa bahay.
 - C. Kusang-loob na pagdalo sa pagtitipon para sa planong maglinis sa *plaza*.
 - D. Pagmamasid sa mga nangyayari sa inyong barangay.
3. Ano ang iyong iniisip sa tuwing nakikita mo ang mga magulang mo ay tumutulong sa inyong kapwa?
 - A. may pagmamalasakit sa kapwa ang aking pamilya
 - B. masaya ang aming pamayanan
 - C. nanghihinayang sa tulong na ibinigay ng magulang sa kapwa
 - D. maiinis sa kapwang tinulungan ng iyong mga magulang
4. Ang inyong pamilya ay mayroong imbakan ng tubig. Nagkataong nasira ang poso ng inyong kapitbahay at wala silang mapagkunan ng tubig kung kaya humingi siya sa iyo. Ano ang nararapat mong gawin?
 - A. Pababayaran sa kanya ang tubig.
 - B. Bibigyan siya ng tama lamang sa pangangailangan niya.
 - C. Hindi siya bibigyan dahil naging pabaya siya at nararapat na mabigyan siya ng aral.
 - D. Sasabihan siya na sana ay magpagawa din sila ng imbakan ng tubig upang hindi na sila manghihingi sa susunod.
5. Ang inyong lugar ay palaging dinaraan ng bagyo kaya naubos na ang mga pananim na gulay at nakararanas na ng gutom ang mga kapitbahay ninyo. Ano ang maitutulong mo sa kanila?
 - A. Maaawa lang at walang gagawin.
 - B. Ibibigay mo sa kanila ang lahat ng nakaimbak ninyong pagkain.
 - C. Hindi mo sila papansinin kasi marami naman kayong pambili ng pagkain.
 - D. Magbibigay ng makakain at ipagdarasal na sana ay matapos na ang

paghihirap na nararanasan.

6. Ano ang ibig sabihin ng katagang, “ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili”?
 - A. Huwag mong aawaayin ang iyong kapwa.
 - B. Piliin mo lagi ang nakalulugod para lamang sa iyong sarili.
 - C. Tumulong ka sa iyong kapwa kapag ikaw ay may makukuhang kapalit.
 - D. Pahalagahan mo ang iyong kapwa gaya ng pagpapahalaga mo sa iyong sarili.

7. Si Abdul ay isang Muslim. Ang kaniyang kaibigan na si Edgar ay isang Kristiyano ngunit kahit magkaiba man sila ng paniniwala ay patuloy pa rin silang magkaibigan. Ano ang kanilang ipinapakita?
 - A. Pagmamahal sa Diyos
 - B. Pagtulong sa kapwa
 - C. Pakikipagkapwa
 - D. Pagmamahal sa sarili

8. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagtulong at pagmamahal sa kapwa?
 - A. Ang mga binibigyan lamang ni Joshua ng *relief goods* ay ang kapareho niya nang relihiyon.
 - B. Nag-*volunteer* lamang si Kevin sa *clean-up drive* dahil may libreng pagkain.
 - C. Dahil nasa elementarya pa lamang si Joy, sa kanyang palagay ay wala pa siyang kakayahang tumulong sa kapwa.
 - D. Pinangunahan ni Bea ang ambagan sa kanilang klase para sa kamag-aral nilang namatayan ng ama dahil sa COVID-19.

9. Nakita mong naghihingalo ang inyong kapitbahay na si Mang Ben. Nagkataon na mag-isa lamang siya sa kanilang bahay. Ano ang iyong gagawin?
 - A. Huwag na lamang siyang pansinin.
 - B. Hintayin na lamang ang ibang kapitbahay na makakita sa kanya.
 - C. Hintayin na lamang na dumating ang kamag-anak ni Mang Ben.
 - D. Tatawag ng kapitbahay upang isugod sa ospital si Mang Ben.

10. Paano ka makakatulong sa iyong kamag-aral na nasunugan?
 - A. Pagtsismisan ang nangyari sa kaniya
 - B. Laitin ito at huwag ng pansinin
 - C. Pabayaan siya sa kanyang kalagayan.
 - D. Ipagbigay alam sa guro at pangunahan ang pagbigay ng tulong

Aralin

1

Pagmamahal sa Kapwa

Ang ating pagmamahal sa kapwa ay repleksiyon sa kung paano natin mahalín ang ating sarili. Ang makibahagi sa ating kapwa ay isang masayang karanasan na tumatatak sa ating puso at isipan. Ang ating pagpapahalaga at pakikipag-ugnayan sa kapwa ay pananagutang kailangan nating gampanan. Sa ganitong paraan natin maipapakita ang pagmamahal natin sa ating kapwa.



Balikan

Panuto: Lagyan ng **tsek (✓)** ang patlang kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagtulong sa pamayanan at **ekis (x)** naman kung hindi.

- ___ 1. Si Mark ay nakikiisa sa proyekto tungkol sa “*Tree Planting*”.
- ___ 2. Tumutulong ang mga bata na panatilihin malinis ang ating kapaligiran.
- ___ 3. Ang mangingisda ay gumagamit ng mga dinamita na nakasisira sa karagatan sa tuwing siya ay nangingisda.
- ___ 4. Sinusunod ko ang mga batas na pinairal ng pamahalaan.
- ___ 5. *Reuse, Reduce, at Recycle* ang aking ginagawa upang makabawas ng mga basura.



Tuklasin

Gawain A.

Alamin kung paano magiging isang masayang karanasan ang pagtulong sa kapwa. Basahin ang kwento ni Julie tungkol sa kaniyang masayang karanasan sa pagbahagi ng tulong sa kapwa.

Ang aking Pagtulong

Juliet Lugas Lim

Ako si Julie. Isa akong boluntaryong manggagawa na tumutulong sa mga *Non-Government Agencies (NGOs)* upang iparating sa mga biktima ng bagyo, baha o sunog ang mga pangunahing tulong na kailangan ng mga tao. Kasama ko sa aking adhikaing ito sina Jess, Gretz, Dave, Ranny, Mike, Caring, Ranulfo at Belen.

Sila ay agad-agad na sumasama sa akin para makapagbalot ng mga bigas, tubig, *canned goods*, at iba pang pangangailangan ng mga pamilya ng biktima. At kami rin ang bumabiyahi upang ipamigay ang mga ito sa mga nasalanta. Hindi man gaanong karami ang aming naipapaabot sa bawat pamilya pero masaya kaming makatulong kahit sa munting paraan lamang.

Gawain A.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Gawin ito sa isang malinis na papel.

1. Saan nagboboluntaryo si Julie?

2. Ano ang ginawang pagtulong ni Julie at ng kaniyang mga kaibigan?

3. Naranasan mo na rin bang tumulong? Ano ang iyong ginawa?

4. Ano ang pakiramdam sa tuwing nakakatulong ka sa ibang tao?

5. Sa paanong paraan mo pa maipakikita ang pagtulong sa kapwa?

Gawain B.

Gumuhit ng isang puso at kulayan matapos gawin ang sumusunod:

Isulat sa kaliwang bahagi ng puso ang pangalan ng taong natulungan ng iyong pamilya at sa kanang bahagi ng puso isulat naman ang tulong na naibigay ng iyong pamilya sa kanila.

Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Suriin

Ano nga ba ang pagmamahal sa kapwa? Marahil ay magkakaiba-iba ang sagot na ating makukuha sapagkat sa iba-ibang paraan natin maaaring ipakita at ipadama ang pagmamahal sa ating kapwa.

Ang pagmamahal sa kapwa ay ang pagpapakita ng pagkalinga, paggalang at pagsasaalang-alang sa kanilang kapakanan. Higit pa sa pagtulong ay ang maipadama natin na sila ay mahalaga.

Narinig na natin ang katagang, “*ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili*”, ibig sabihin ang pinagmulan ng pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal natin sa Diyos. Kaya sa paghahandog natin sa ating mga sarili sa Kanya, ay ang pabibigay natin ng ating mga sarili sa kapwa sa pamamagitan ng pagtulong.

Kailangang tandaan na ang pagtulong natin sa kapwa ay walang hinihintay na kapalit lalo na sa mga lubos na nangangailangan at ang pakikisa sa ating kapwa, pagdarasal man o proyektong pampamayanan para sa kabutihan ng lahat ay walang pinipili, mayaman o mahirap, bata man o matanda.



Pagyamanin

Gawain A. Panuto: Lagyan ng **tsek (✓)** ang patlang kung ang pangungusap ay tama at lagyan naman ng **ekis (✗)** kung ito ay mali. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Ang pagtulong sa kapwa ay maipapakita sa pamamagitan ng pagiging makasarili.
- _____ 2. Ang pinagmulan ng pagmamahal sa kapwa ay pagmamahal sa Diyos.
- _____ 3. Ang pagtulong sa kapwa ay walang hinihintay na kapalit.
- _____ 4. Ang pagmamahal sa kapwa ay ang pagpapakita ng pagkalinga, paggalang at pagsasaalang-alang sa kanilang kapakanan.
- _____ 5. Ang mga bata ay walang kakayahang tumulong sa kapwa.


Gawain B. Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung ang isinasaad ng pangungusap ay nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa at **MALI** kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Nakita ni Edgar na nadapa si Gwen dahil natakot siya sa aso kaya nagmamadaling nilapitan niya ito at tinulungan.
- _____ 2. Ang pamilya nila Anna ay naglunsad ng '*community pantry*' sa kanilang komunidad.
- _____ 3. Si Ian ay tumulong sa paghahanda ng mga *relief goods* para sa mga nasalanta ng bagyo.
- _____ 4. Hindi binigyan ni Grace ng *relief goods* ang kanilang kapitbahay dahil hindi niya ito kapareho ng relihiyon.
- _____ 5. Ginabayan ni John ang kanyang lolo at lola sa pagtawid sa kalsada.
- _____ 6. Boluntaryong tumutulong sa paglilinis ng kanilang paligid si Kathrin.
- _____ 7. Ang buong klase ng Baitang 5 Mapagmahal ay nag-ambagan makapagbigay ng tulong sa namatayang kaklase.
- _____ 8. Mas pinipili ni Christopher na maglaro ng *online games* buong maghapon kaysa tumulong sa paglilinis sa kanilang komunidad.
- _____ 9. Dahil nasa gitna pa rin ng pandemya, pinipili ni Cris na manatili lamang sa loob ng bahay upang hindi makakuha ng sakit.
- _____ 10. Hindi na nagsusunog ng mga nawawalis na dahon at plastik si James sapagkat masama ito para sa kalikasan.



Isaisip

Sa iyong sagutang papel, kompletuhin ang mga pahayag na nasa loob ng *graphic organizer*.



PAMANTAYAN	10 pts	7 pts	5 pts
NILALAMAN	Malinaw na naipabatid ang mga maitutulong bilang isang mag-aaral. Buo at nauunawaan nang lubusan ang mensaheng nais ipahayag.	May ilang detalye ng liham ang hindi gaanong malinaw patungkol sa mga maitutulong bilang isang mag-aaral.	Hindi malinaw na naipabatid ang mga maitutulong bilang isang mag-aaral. Malabo at hindi nauunawaan ang mensaheng nais ipahayag.
ORGANISASYON	Mahusay ng pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga nilalaman ng liham.	May pagkakasunod-sunod ang pagkakalahad ng mga detalye ngunit may ilang bahagi na kailangan isaayos.	Nangangailangan ng higit na kaayusa ang pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga nilalaman ng liham.
PAGGAMIT NG WIKA	Walang mali sa baybay at pagkakagamit ng maliit at malaking titik. Wasto ang pagkakagamit sa mga bantas.	May 1-3 na mali sa baybay, pagkakagamit ng maliit at malaking titik, at mga bantas.	May 4 o higit pang mali sa baybay, pagkakagamit ng maliit at malaking titik, at mga bantas.
KABUOANG MARKA			



Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

- Alin sa mga gawing ito ang nakatutulong sa kapwa?
 - Pagbibigay ng mga pinaglumaang damit para sa mga nasalanta ng bagyo.
 - Pagkakaroon ng magarang piging.
 - Pagpapatayo ng *subdivision* para sa mga mayayaman.
 - Lahat ng nabanggit.
- Ano ang ibig sabihin ng katagang, “ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili”?
 - Huwag mong aawaayin ang iyong kapwa.
 - Piliin mo lagi ang nakalulugod para lamang sa iyong sarili.
 - Tumulong ka sa iyong kapwa kapag ikaw ay may makukuhang kapalit.
 - Pahalagahan mo ang iyong kapwa gaya ng pagpapahalaga mo sa iyong sarili.

3. Piliin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.
- A. Pakikipag-away sa mag-aaral sa ibang seksyon.
 - B. Pagdarasal ng sabay-sabay sa bahay.
 - C. Kusang-loob na pagdalo sa pagtitipon para sa planong maglinis sa *plaza*.
 - D. Pagmamasid sa mga nangyayari sa inyong barangay.
4. Si Abdul ay isang Muslim. Ang kaniyang kaibigan na si Edgar ay isang Kristiyano ngunit kahit magkaiba man sila ng paniniwala ay patuloy pa rin silang magkaibigan. Ano ang kanilang ipinapakita?
- A. Pagmamahal sa Diyos
 - B. Pagtulong sa kapwa
 - C. Pakikipagkapwa
 - D. Pagmamahal sa sarili
5. Ano ang iyong iniisip sa tuwing nakikita mo ang mga magulang mo ay tumutulong sa inyong kapwa?
- A. may pagmamalasakit sa kapwa ang aking pamilya
 - B. masaya ang aming pamayanan
 - C. nanghihinayang sa tulong na ibinigay ng magulang sa kapwa
 - D. maiinis sa kapwang tinulungan ng iyong mga magulang
6. Alin sa mga sumusunod na sitwasyon ang nagpapakita ng pagtulong at pagmamahal sa kapwa?
- A. Ang mga binibigyan lamang ni Joshua ng *relief goods* ay ang kapareho niya nang relihiyon.
 - B. Nag-*volunteer* lamang si Kevin sa *clean-up drive* dahil may libreng pagkain.
 - C. Dahil nasa elementarya pa lamang si Joy, sa kanyang palagay ay wala pa siyang kakayahang tumulong sa kapwa.
 - D. Pinangunahan ni Bea ang ambagan sa kanilang klase para sa kamag-aral nilang namatayan ng ama dahil sa COVID-19.
7. Ang inyong pamilya ay mayroong imbakan ng tubig. Nagkataong nasira ang poso ng inyong kapitbahay at wala silang mapagkunan ng tubig kung kaya humingi siya sa iyo. Ano ang nararapat mong gawin?
- A. Pababayaran sa kanya ang tubig.
 - B. Bibigyan siya ng tama lamang sa pangangailangan niya.
 - C. Hindi siya bibigyan dahil naging pabaya siya at nararapat na mabigyan siya ng aral.
 - D. Sasabihan siya na sana ay magpagawa din sila ng imbakan ng tubig upang hindi na sila manghihingi sa susunod.

8. Nakita mong naghihingalo ang inyong kapitbahay na si Mang Ben. Nagkataon na mag-isa lamang siya sa kanilang bahay. Ano ang iyong gagawin?
- Huwag na lamang siyang pansinin.
 - Hintayin na lamang ang ibang kapitbahay na makakita sakanya.
 - Hintayin na lamang na dumating ang kamag-anak ni Mang Ben.
 - Tatawag ng kapitbahay upang isugod sa ospital si Mang Ben.
9. Ang inyong lugar ay palaging dinaraan ng bagyo kaya naubos na ang mga pananim na gulay at nakararanas na ng gutom ang mga kapitbahay ninyo. Ano ang maitutulong mo sa kanila?
- Maaawa lang at walang gagawin.
 - Ibibigay mo sa kanila ang lahat ng nakaimbak ninyong pagkain.
 - Hindi mo sila papansinin kasi marami naman kayong pambili ng pagkain.
 - Magbibigay ng makakain at ipagdarasal na sana ay matapos na ang paghihirap na nararanasan.
10. Paano ka makakatulong sa iyong kamag-aral na nasunugan?
- Pagtsismisan ang nangyari sa kaniya.
 - Laitin ito at huwag ng pansinin.
 - Pabaya siya sa kanyang kalagayan.
 - Ipagbigay alam sa guro at pangunahan ang pagbigay ng tulong.



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumupit ng mga larawan na nagpapakita ng pakikiisa sa pagdarasal para sa kabutihan ng lahat at pagmamahal sa kapwa. Idikit ito sa isang malinis na papel at magbigay ng maikling pagpapaliwanag.

PAMANTAYAN	3 PTS	2 PTS	1 PT
PAGKAMALIKHAIN	Lubusang nagpamalas ng pagiging malikhain sa pagpapakita ng mga larawan.	Naging malikhain sa pagpapakita ng mga larawan.	Hindi naging malikhain sa pagpapakita ng mga larawan.
MENSAHE	Naipaliwanag nang buong husay ang mga larawan.	May sapat na paliwanag ang mga larawan.	Hindi naipaliwanag ang mga larawan.
KALINISAN	Malinis at maayos ng pagkakadikit ng mga larawan.	May ilang larawan ang hindi na malinis at maayos na naidikit.	Hindi malinis at magulo ang pagkakadikit ng mga larawan.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. A 6. d
2. C 7. c
3. A 8. d
4. B 9. d
5. D 10. d

Baliklan

2. ✓
3. X
4. ✓
5. ✓

1. ✓

Tuklasin

1. Sa mga Non-Government Agencies (NGOs)

2. Magbalot ng mga bigas, tubig, *canned goods* at iba pang pangangailangan ng mga pamilya ng biktima

3 - 5. (Maaaring magkakaiba ang sagot.)

B. (Maaaring magkakaiba ang sagot.)
Halimbawa:
1. Aya Tulong na nabigay - binigyan ng damit dahil nasunugan

Isagawa
(Magkakaiba ang sagot)

Pagymanin

A
Gawain

1. X
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. X

Gawain B.

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Mali
5. Tama
6. Tama
7. Tama
8. Mali
9. Tama
10. Tama

Tayahin

1.A 3.C
2.D 4.C
5.A 6.D
7.B 8.D
9.D 10.D

Sanggunian

Department of Education. n.d. *Contextualized Lesson Plan*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. 2016. *K to 12 Curriculum Guide in EsP*. Philippines: Department of Education.

Department of Education. n.d. *Regional Test Item Bank for Grade 5*. Philippines: Department of Education.

Ylarde, Zenaida R. 2016. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon*. Quezon: Vibal Group, Inc.

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education – Bureau of Learning Resources
Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax. Nos.: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph